MAYROON KANG MGA KARAPATAN!

ANUMAN ANG KATAYUAN SA IMIGRASYON, MAY KARAPATAN KANG:

- Mabayaran sa lahat ng oras na iyong pinagtrabahuhan, kasama na rito ang panahon ng pagsasanay
- Mabayaran ng hindi bababa sa minimum na sahod, mabayaran ang overtime at regular na mababayaran (karaniwan ito ay lingguhan o kada ikalawang linggo)
- Alamin ang mga kinaltas sa iyong sahod, at hindi kailanman nagbawas sa suweldo nang walang paunang nakasulat na pahintulot
- Magtrabaho sa isang ligtas na kapaligirang walang diskriminasyon, sekswal na panliligalig at pag-abuso
- Humingi ng tulong mula sa Departamento ng Manggagagwa sa nys nang walang takot na mapaghigantihan

PROTEKTAHAN ANG SARILI MO!

MAGTABI NG RECORD NG:

- Mga araw at oras na ikaw ay nagtrabaho
- Magkano ka nabayaran at kailan
- Mga petsa at oras ng mahahalagang kaganapan sa trabaho (mga pinsala, pagbabanta o salungatan), at kung kanino mo ito iniulat

P746.2 T (3/23)

ANG PUWERSAHANG PAGTATRABAHO AY ISANG KRIMEN!

MAAARING ITO AY ISANG KRIMINAL NA PAGLABAG SA IYONG MGA KARAPATAN

KUNG IKAW AY:

- Sinabihang kailangan mong magtrabaho para makabayad ng utang
- Sinabihan ng iyong employer na kukunin ang iyong pasaporte o id
- Pinangakuan ng benepisyo na hindi mo natatanggap, tulad ng Green Card o pera
- Binantaan na tatawagan ang imigrasyon o pulis kung hindi ka magtatrabaho
- Binantaan na ikaw o ang iyong pamilya ay masasaktan
- Tunay na nasaktan, o isang miyembro ng pamilya ang nasaktan

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung anong tulong ang available, tawagan ang 24-oras na hotline ng National Human Trafficking sa **888.373.7888** o ang DOCE hotline sa **877.466.9757**.

Maaari mo ring i-email ang **trafficking@labor.ny.gov**.

888-469-7365 | @nyslabor | www.labor.ny.gov

Ang Kagawaran ng Manggagawa ng Estado ng New York ay isang Employer/Programa na may Pantay ang Oportunidad. Ang mga auxiliary aide at serbisyo ay makukuha kapag hiniling at walang bayad sa mga indibidwal na may mga kapansanan TTY/TDD 711 o 1-800-662-1220 (English) / 1-877-662-4886.